Kailangan Bang Suriin ang Aking Balat Para sa TB?

Ang pagsusuri ng Balat Para sa TB ay

inirerekomenda lamang sa mga taong:
• may mga sintomas ng TB, o
• malaki ang panganib na maimpeksyon ng mga mikrobyo ng TB, o
• malaki ang panganib na magkasakit kung magkaroon sila ng impeksyon ng TB.

Dapat ba akong magpasuri?
Kailangan mong magpasuri kung ikaw ay:
• may mga palatandaan ng TB (ubo, pagkahapo, pamamawis sa gabi, lagnat, nababawasan ng timbang, umuubo ng dugo)
• malapit na nakikipag-ugnayan sa isang taong may sakit na TB
• tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan
• nakatira o nagtatrabaho sa isang bilangguan, kulungan, institusyon ng sakit sa isip, o bahay ng pag-aalaga
• tumira o naglakbay sa isang bansang maraming taong may TB
• gumagamit ng karayom upang mag-iniksiyon ng mga droga
• may mga sakit na tulad na
- kanser
- matinding sakit sa bato
- diyabetis
- silicosis
- impeksyon ng HIV
- ginagamot ng steroid
- sobra ang kakulangan ng timbang

Magtatanong sa iyo ang isang tageserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan upang malaman kung ikaw ay dapat suriin para sa TB.

Mangyaring sabihin sa tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan:
• kung ikaw ay nagkaroon na ng positibong reaksiyon sa pagsusuri sa TB sa nakaraan **o**
• kung ikaw ay ginagamot sa sakit na TB o upang hadlangan ang sakit na TB.

Paano kung ang aking pinagtatrabahuhan o paaralan ay nag-aatas ng Pagsusuri para sa TB?
Kung ipinasiya ng tagaserbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na hindi mo kailangang suriin, ikaw ay bibigyan ng liham para sa iyong pinagtatrabahuhan, paaralan, o sinumang nagpapasuri sa iyo. Ang liham ay maglalahad na ikaw ay may pagsusuring negatibo sa TB at ang pagsusuri ng balat ay hindi kailangan.

Kung ikan ag may katanungan tumawag sa Departamento ng Kalusugan o sa inyong doctor.

Hindi Lahat Ay Nangangailangan Ng Pagsusuri Ng Balat Para Sa TB.

Text - TB Control and Prevention Program, Division of Disease Prevention, Virginia Department of Health 11/8/02
www.vdh.virginia.gov/epidemiology/DiseasePrevention/Programs/Tuberculosis/index.htm
This work is licensed under the Creative Commons AttributionNonCommercial-NoDerivs License
http://creativecommons.org/licenses/by-nc-nd/2.5/

A **Healthy Roads Media** project
www.healthyroadsmedia..org